

AMNESTY INTERNATIONAL INDEX: ASA 35/006/2009

PILIPINAS: WASAK NA MGA BUHAY, PAGKARAAN NG ARMADONG LABANAN SA MINDANAO 2008-2009

“Minana natin ang isang labanan na mahabang panahon nang nagaganap, na pinalala ng mga makikitid ngunit popular na polisiyang nauukol sa malawakang paghihiganti. Ito ang nag-udyok sa kabilang panig na ipagpatuloy ang digmaan.”

– Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo sa kanyang Talumpati sa Kalagayan ng Bansa o SONA noong 27 July 2009

BUOD NG ULAT

Isa na namang yugto ng labanan ang natapos sa pagitan ng pamahalaan ng Pilipinas at ng armadong grupong Moro Islamic Liberation Front (MILF) noong 29 Hulyo 2009. Ang labanan ng 2008 – 2009, na siyang nagdulot ng paglikas sa loob ng bansa ng humigit-kumulang 750,000 katao sa kabuuan, at ng di-mabilang na pang-aabuso sa karapatang panto, ay opisyal na tinapos sa pamamagitan ng mungkahing buhayin muli ang usaping pang-kapayapaan. Isang taon matapos ang pinakahuling karahasan sa pagitan ng puwersang panseguridad ng pamahalaan at ng mga armadong grupo, nagsimulang maaninagan ng Mindanao ang posibilidad na mawakasan ang kaguluhan at kawalan ng kasiguruhan dito – at maaring pati ang tuluyang katapusan ng 40-taong armadong labanan.

Sa Gitnang Mindanao, daandaang-libong katao, mga buhay nila winasak ng armadong labanan, ang humaharap sa banta ng pamamaslang, sapilitang pagkawala, di makatwirang pagkakadakip, malawakang paglikas sa loob ng bansa, pagkakasunog at pagkakasira ng kanilang mga tahanan sa kamay ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas (*Armed Forces of the Philippines; AFP*), MILF o mga lokal na armadong grupo. Dahil walang ibang magpagkukunan ng kanilang kabuhayan, patuloy na umaasa sa mga tulong-panaklolo ang mga lumikas na tao sa loob ng bansa (internally displaced persons).

Noong Mayo 2009, kinilala ang labanan sa Mindanao bilang may pinakamataas na bilang ng mga bagong paglikas sa loob ng bansa sa buong mundo¹ at ang “may pinakapapabayaang sitwasyon ng paglikas”² noong taong 2008.

Marami sa mga nagsilikas ang hindi pa rin nakabalik sa kani-kanilang mga nayong pinanggalingan hanggang sa katapusan ng Hulyo 2009. Nabubuhay sila ng may takot at walang kasiguruhan sa mga kampo kung saan sila ay nagsisiksikan, sa bahay ng kanilang mga kamag-anak kung saan sila nakikitira, o sa mga pansamantalang tahananang itinayo sa tabi ng mga kalsada. Dahil hindi sila makapagsaka, sadyang umaasa lamang sila sa mga rasyon ng pagkain at iba pang tulong-panaklolo. Para sa mga malalaking pamilya, hindi sapat ang mga rasyon kaya't napipilitang bumalik sa kanilang mga nayon upang maghanap ng pagkain o anupamang gamit na maibebenta ang ilang miyembro ng pamilya, kahit pa maisapeligro ang kanilang buhay. Noong Hunyo 2009, sinikap pigilan ng pamahalaan ang mga ahensiyang nagbibigay ng tulong-panaklolo sa pagbibigay ng bulto-bultong pagkain sa mga nagsilikas, upang maiwasang mapunta lamang sa mga kamay ng MILF o maibenta sa mga nangangalakal ang mga nasabing pagkain.³

Habang mayroong tigil-putukan, kinakailangang tiyakin ng magkabilang panig sa labanan ang ligtas na pag-uwi sa kani-kanilang mga tahanan, sa lalong madaling panahon, ng mahigit 240,000 kataong sapolitang nagsilikas dahil sa labanan.⁴ Dapat magtulungan ang dalawang panig sa pagpapadali ng kagyat, walang kinikilingan at masusing pagsisiyasat sa mga sinasabing malubhang pang-aabuso sa karapatang pantao at paglabag sa mga pandaigdigang batas pandigmaan (International Humanitarian Law) sa katatapos lamang na labanan. Mahalaga na ang lahat ng mga taong nawasak ang kabuhayan at kinabukasan dahil sa mga pang-aabuso sa kanilang karapatang pantao ay mabigyan ng katarungan sa lalong madaling panahon. Ang mga armadong labanan, kadalasan bunga ng pagkaunawang may malawakang kawalan ng katarungan, ay lumalala dahil sa mga napabayaang karaingan at hinanakit na nagmumula sa isang mahabang kasaysayan ng kaguluhan at maraming taon ng bigong pagpapanagot sa mga gumawa ng mga pang-aabuso sa mga karapatang pantao.

Lumubha ang labanan noong Agosto 2008 matapos na pormal na ipagpaliban ng Korte Suprema ang paglagda sa Memorandum ng Kasunduan ukol sa Lupaing Ninuno (Memorandum of Agreement on Ancestral Domain), isang dokumento na magpapalawak ng Muslim Mindanao bilang isang autonomiyang teritoryo. Bilang tugon dito, naglunsad ng mga paglusob laban sa mga sibilyan ang MILF at lalong tumindi ang labanan sa pagitan nila at ng mga sundalo ng pamahalaan. Noong Oktubre 2008, idineklara ng Korte Suprema na hindi naaayon sa saligang-batas ang kasunduan. Nagpatuloy ang labanan--kumilos ang mga puwersa ng pamahalaan upang masupil ang mga MILF na namuno sa paglulunsad ng mga paglusob sa mga sibilyan.

Ang armadong labanan sa Gitnang Mindanao sa pagitan ng pamahalaan ng Pilipinas at MILF ay lalo pang pinalala ng mga mga karahasan na ginawa ng mga iba pang armadong grupo, mga *militia* na inarmanan ng mga pribadong indibidwal, at mga makapangyarihang magkaka-away na angkan.

Opisyal na idineklara ng pamahalaan ng Pilipinas at MILF ang pagtigil ng operasyong militar (SOMO at SOMA) noong 23 at 24 Hulyo 2009. Gayunpaman ay inanunsyo ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas o AFP na patuloy pa rin ang pagtugis sa mga pinuno ng MILF na sina Kumander Ameril Umbra Kato, Kumander Abdullah Macapaar, Kumander Ali Pangalian at ng iba pa nilang mga kasapi. Mananatiling kasali ang militar sa mga operasyong ito, bilang tulong sa Pambansang Kapulisan ng Pilipinas, na siyang maghahain ng mandamiyento de aresto para sa mga aktong kriminal katulad ng pagpatay, panununog at panloloob sa oras na sila ay madakip. Tinatawagan ng Amnesty International ang pamahalaan ng Pilipinas na tiyakin na ang naturang pinag-anib na puwersa ng pulis at militar ay hindi magdudulot ng mas madami pang paglabag sa karapatang pantao sa Gitnang Mindanao⁵ at ng Autonomong Rehiyon ng Muslim Mindanao (ARMM).⁶

Marami nang naiulat ang Amnesty International, pati ang mga tagapagmasid ng karapatang pantao at mga organisasyong *humanitarian*, ukol sa mga kaso ng di makatwirang pagkakadakip, labis na pagpapahirap (*torture*) o mapagmalupit, di makatao at marawal na pagtrato o pagparusa (*cruel, inhuman and degrading treatment or punishment*), sapilitang pagkawala, pulitikal na pagpatay, pagkasira ng mga tahanan sa konteksto ng armadong labanan, pati na rin ang dibersyon o pagpigil sa mga paraan upang makakuha ng mga tulong-panaklolo ang mga mamamayan.

Noong Marso 2009, binisita ng Amnesty International ang Mindanao, kabilang ang mga lungsod ng Davao, Cotabato at Iligan pati ang mga lalawigan sa Hilagang Cotabato at Maguindanao, upang makakuha ng bagong impormasyong ukol sa sitwasyon ng karapatang pantao doon at direktang makausap ang mismong mga nakaranas ng abuso o ang kanilang mga pamilya. Nangalap ang organisasyon ng impormasyon mula sa mga lokal na ahensiyang tagapagmasid ng karapatang pantao, mga organisasyong *humanitarian*, ang AFP, MILF, simbahang Katoliko, pambansa at internasyonal na NGO at mga tagapagbalita sa mga pahayagan. Ang ulat na ito ay isang susog sa “Winasak na Kapayapaan sa Mindanao: Ang Pantaong Singil ng Digmaan” (AI Index: ASA 35/008//2008) na nilimbag ng Amnesty International noong Oktubre 2008.

Ang ulat na ito ay tumututok sa sitwasyon ng mga biktima ng malawakang paglikas ng mga tao sa loob ng bansa (*internal displacement*), mga pang-aabuso sa karapatang pantao at mga paglabag sa Pandaigdig na Batas Pandigmaan sa konteksto ng armadong labanan sa lalawigan ng Maguindanao, kung saan pinakamalakas puwersa ng MILF at sentro ng armadong labanan 2008-2009 sa halos kabuuan nito. Kinapanayam ng Amnesty International ang mga biktima, kanilang pamilya, mga saksi at mga kasapi ng lipunang sibil sa lalawigan. Ilan sa mga kasong inihahain sa ulat na ito ay mula sa mga panayam at dokumentasyon ng mga independiyenteng tagapagkilos ng makataong kawang-gawa (*humanitarian workers*) at tagapagmasid ng karapatang pantao sa komunidad.

Walang kinikilingan ang Amnesty International sa mga armadong labanan, maging sa pagitan ng pamahalaan ng Pilipinas at MILF. Tumututok ang Amnesty International sa

dokumentasyon at pangangampanya laban sa pang-aabuso ng karapatang pantao at paglabag sa mga Pandaigdig na Batas Pandigmaan, sinuman ang may gawa nito.

Mga Ikinababaha ng Amnesty International

Sa tuwing pinatatagal ang armadong labanan, mas tumitindi ang paghihirap at pagdurusa. Mas madalas sa hindi, nagiging pugad ng malawakang paglabag sa karapatang pantao ang mga armadong labanan.

Ang lahat ng panig sa armadong labanan ay may pananagutang tumupad sa Pandaigdig na Batas Pandigmaan, partikular sa Ikatlong Pangkalahatang Artikulo (Common Article 3) ng Kapulungan ng Geneva na nagbabawal sa pag-atake sa mga katauhan “na walang aktibong kinalaman sa mga kaguluhan” at ang Pangalawang Opsyonal na Protokol ng Kapulungan ng Geneva na nagsasaad ng parehong probisyon. Bukod dito, may bisa ang Pandaigdig na Batas ukol sa Karapatang Pantao (*International Human Rights Law*) sa panahon man ng digmaan o kapayapaan. Tinatawagan ng Amnesty International ang lahat ng panig sa armadong labanan, lalung-lalo na ang pamahalaan ng Pilipinas at MILF, upang hayagang ipahiwatig ang kanilang daglian at tuwirang pagtuon sa pagwawakas ng mga paglabag sa mga Pandaigdig na Batas ng Karapatang Pantao, kasama ngunit hindi nililimitahan sa, mga paglusob kung saan mga sibilyan ang siyang naging tudlaan (*attacks targeting civilians*), walang pinipiling pag-atake (*indiscriminate attacks*), panununog at pagwawasak ng mga pribadong pagaari, di makatwirang pagkakadakup, labis na pagpapahirap at iba pang uri ng pagmamalupit, di makatao at marawal na pagtrato o pagparusa, sapilitang pagkawala, pamamaslang na di sang-ayon sa batas, kabilang ang pulitikal na pagpatay.

Kailangang tiyakin ng pamahalaan ng Pilipinas ang pagtanggol at pangangalaga sa mga sibilyan na apektado ng labanan, lalo na ng mga taong lumikas sa loob ng bansa. Dapat ding matiyak na sila ay mabigyan ng sapat na pagkain, tubig na maiinom at libreng serbisyong medikal.

Kinakailangang magtulungan ang pamahalaan ng Pilipinas at MILF upang mapadaloy ang isang kagyat, walang kinikilingan at masusing pagsisiyasat sa mga sinasabing paglabag sa karapatang pantao at pandaigdig na batas pandigmaan. Ang resulta ng mga nasabing pagsisiyasat ay dapat na isapubliko. Lahat ng may pananagutan, anupaman ang kanilang katungkulan, ay kinakailangang mapanagot sa ilalim batas alinsunod sa paglilitis na naaayon sa pandaigdig na pamantayan ng pagkamakatarungan (*international standards of fairness*). Kailangan ding matiyak na mabigyan ng na-uukol na reparasyon ang mga biktima.

Mga Konklusyon at Rekomendasyon

Ang kabiguang matiyak ng pamahalaan ng Pilipinas at MILF ang pagsunod ng kanilang mga puwersa sa mga pandaigdigang batas ng karapatang pantao at batas pandigmaan

noong armadong labanan ng 2008 – 2009 ay humantong sa pang-aabuso sa mga karapatang pantao at paglabag sa mga nasabing batas pandaigdig. Ang kakulangan ng isang walang kinikilingang tagapagmasid ng karapatang pantao na ginagalang ng dalawang partido ng labanan ay nangahulugang walang naganap ni isang epektibong pagsisiyasat upang mapanagot ang mga may sala.

Ang pagkakaroon ng mga armadong grupo at *militia* na inarmasan ng mga pribadong indibidwal, at mga pagtutunggali sa pagitan ng mga magkaka-away na angkan sa ilang pook, ang siyang lalong nagpalala sa isang pabagu-bago at kumplikado nang sitwasyong. Sa gitna ng armadong labanan naroon ang mga buhay ng daan-daang-libong sibilyan na nagsilikas. Naka-asa lamang sa tulong-panaklolo, walang tiyak na pagkakakitaan, walang ligtas na komunidad at minsan ay wala nang mababalikan pang mga tahanan, ang kanilang kinabukasan ay sadyang walang katiyakan.

Ang pagtigil ng labanan kamakailan lang ay nagbigay ng matagal nang hinihintay na kaunting ginhawa para sa populasyong apektado ng labanan. Ang muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan ang siya namang magbibigay sa pamahalaan ng Pilipinas at sa MILF ng isang makabuluhang pagkakataon upang ilagay ang paksang karapatang pantao sa sentro ng mga napipintong negosasyon. Katulad din ng iba pang mga bakbakan at armadong labanan sa buong mundo, ang armadong labanan sa Mindanao ay lumala dahil sa mga napabayaang karaingan at hinanakit na nagmula sa isang mahabang kasaysayan ng kaguluhan. Kung tutuusin, ang mga karaingan at hinanakit na ito ay hinggil sa malubhang pang-aabuso sa mga karapatang pantao. Kasaysayan ang magpapatunay na ang mga may sala sa mga abusong ito ay hindi napapanagot kaya't hindi rin nakakamtan ang hustisya.

Ang mga sumusunod na rekomendasyon ay inihahain ng Amnesty International para sa pamahalaan ng Pilipinas, MILF at sa Komunidad Pandaigdig.

Mga Rekomendasyon

Para sa Pamahalaan ng Pilipinas

1. Kinakailangang wakasan sa lalong madaling panahon ng mga puwersang panseguridad ng pamahalaan, kasama ang AFP, maging ang mga inarmasan nitong mga grupong paramilitar katulad ng CAFGU at CVO, ang mga paglabag sa karapatang pantao at gawin ang lahat ng naaring paraan upang matiyak na hindi na muling maulit ang mga ito.
2. Nararapat na magpasimula ang pamahalaan ng Pilipinas, lalo na ang Kagawaran ng Tanggulang Pambansa (*Department of National Defense*) mahinggil sa mga miyembro ng puwersang panseguridad ng pamahalaan, ng isang daglian, walang

kinikilingan at masusing pagsisiyasat sa mga naiulat na paglabag sa pandaigdig na batas ng karapatang pantao at pandaigdig na batas ng digmaan.

- Dapat nilang protektahan mula sa karahasan, anumang uri ng banta o pananakot, ang mga saksi at mga pamilya ng mga biktima. Dapat ding masuspindi sa serbisyo ang lahat ng may katungkulan na sangkot sa mga isinasagawang pagsisiyasat upang hindi magamit ng mga ito ang kapangyarihan ng kanilang posisyon sa pag-impluwensiya sa mga proseso.
 - Kailangan mapanagot sa ilalim ng batas alinsunod sa isang paglilitis na naaayon sa pandaigdig na pamantayan ng pagkamakatarungan ang mga indibidwal na kinilala ng pagsisiyasat bilang sangkot sa mga paglabag sa mga karapatang pantao at batas pandigmaan, kabilang ang mga namumunong opisyal (*officer with command responsibility*), anupaman ang tungkulin nito. Hindi maaaring idepensa ng may sala na iniutos lamang sa kanya ng mas mataas pang opisyal o sinumang may awtoridad na mas mataas sa kanya ang mga isinagawang paglabag.
 - Dapat isapubliko ang kinalabasan ng lahat ng mga pagsisiyasat na magaganap.
 - Kailangang tiyaking mabibigyan ng bayad-pinsala ang mga biktima alinsunod sa mga pandaigdig na pamantayan. Kailangang isama sa bayad-pinsala ang restitusyon, kompensasyon, rehabilitasyon at garantiyang hindi na mauulit pa ang parehong pangyayari.
3. Kailangang ipakita ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas ang pagtupad nito sa kanyang pangakong galangin ang karapatang pantao sa pamamagitan ng pagbibigay sa tanggapan nitong nakatutok sa karapatang pantao (*AFP Human Rights Office*) ng sapat na kakayahan at mapagkukunan (*resources*) upang magampanan ang epektibong pagsisiyasat sa lahat ng kaso ng paglabag sa pangaidig na batas ng digmaan at pandaigdig na batas ng karapatang pantao na isinagawa ng mga puwersang panseguridad ng pamahalaan, kabilang ngunit di limitado sa, pagkasira ng mga pribadong tahanan o pagaari, di makatwirang pagkakadakip, sapilitang pagkawala, pamamaslang na di sang-ayon sa batas, kasama ang pulitikal na pagpatay, at labis na pagpapahirap at iba pang uri ng pagmamalupit, di makatao at marawal na pagtrato o pagparusa.
- Kailangang bigyan ng AFP ng mandato at sapat na kapasidad ang tanggapan nito para sa karapatang pantao (AFPHRO) upang makapagsagawa ito mismo ng mga detalyado at walang kinikilingang pagsisiyasat, at hindi lamang umasa pagsisiyasat na isinasagawa ng mga opisyal sa mga rehiyon ukol sa kanilang mga sudalo.

4. Nararapat tiyakin ng pamahalaan ang kaligtasan at kapakanan ng lahat ng mga taong nagsilikas sa loob ng bansa, alinsunod sa mga pandaigdig na batas at pamantayan, kasama ang Gabay Prinsipyo ng Kalipunan ng mga Nagkakaisang Bansa tungkol sa Paglikas sa Loob ng Bansa (*UN Guiding Principles of Internal Displacement*).
 - Partikular dito, kailangang tiyakin ng pamahalaan na hindi haaharap ang mga nagsilikas sa mga tuwiran o walang-pinipiling pag-atake, o iba pang karahasan.
 - Kailangan nitong magbigay at tiyaking may sapat na panustos para sa pagkain, tubig na maiinom; hustong tirahan; angkop na kasuotan; at mga pangunahing kailangan tulad ng serbisyong medikal at kalinisan.
 - Kailangan bigyan ng pamahalaan ang mga organisasyong *humanitarian* ng walang hadlang na pagpunta (*unimpeded access*) sa mga lugar kung saan may mga naglalaging mga taong nagsilikas at iba pang mga sibilyan na nahaharap sa panganib.
 - Kinakailangan isakatuparan ng pamahalaan, sa pakikipagtulungan sa mga taong nagsilikas, ang isang mapagpatuloy at komprehensibong (*sustainable and comprehensive*) plano para sa ligtas at boluntaryong pagbalik ng mga lumikas sa kani-kanilang mga nayon, sa ilalim ng mga kondisyon na nagpapahintulot sa mga magsisibalik na mabuhay na walang anumang pagbabanta sa kanilang seguridad at sa ilalim ng mga kondisyong pang ekonomiya, panlipunan at pang-pulitikal na katumbas ng pamumuhay ng may diignidad. Kasama dito ang probisyon ng sapat na pagkain, tirahan at kabuhayan sa kanilang pagbalik, ayon sa mga rekomensdayon ng DOH-UNICEF-UNWFP sa kanilang pinagsanib na pagtatantiya sa uri ng pagkain at katiyakan ng mapagkukunan ng pagkain (*nutrition and food security*) ng mga taong nagsilikas.
 - Kailangang tiyakin ng pamahalaan na lahat ng pag-aari at lahat ng karapatang ukol sa pag-aari ay mai-sauli ng kabuuan sa mga nagsilikas. Kung sakaling ang mga ari-arian ay tuluyan nang nawasak o hindi na maaring maibalik pa, kailangang siguraduhin ng pamahalaan na ang mga nagsilikas ay makatatanggap ng sapat bayad-pinsala kahit pa hindi na makababalik ang mga nagsilikas sa kanilang mga pinagbuhatang lugar.
5. Kailangang tuparin ng pamahalaan ang kanyang katungkulang tiyakin ang seguridad ng lahat ng sibilyang naninirahan sa mga lugar na apektado ng labanan, anupaman ang kanilang relihiyon, paniniwalang pulitikal o etnisidad. Kailangan nitong gumawa ng mga kongkretong hakbang upang mapangalagaan at maprotektahan ang mga Muslim sa Pilipinas, na tinatawag ring mga Moro, lalong-

lalo na mula sa mga paghihiganti at iba pang paglabag sa karapatang pantao na maaring gawin ng mga kasapi ng puwersang panseguridad ng pamahalaan.

6. Kailangang unahin ng pamahalaan ng Pilipinas ang pagkakaroon ng isang institusyunal na tanggapang pambansa ng karapatang pantao sa ARMM na magsisimula. Unang hakbang sa pagtataguyod nito ang pag-iisyu ng isang ehekutibo o administratibong kautusan (*executive or administrative order*) na magpapatibay dito. Kasunod nito ang pagkakaroon ng Komisyon ng Karapatang Pantao sa Pilipinas ng mga tanggapan sa loob ng ARMM, upang maging mas madal ang pagdulog sa ahensiya ng mga biktima ng pang-aabuso. Kinakailangang makipagtulungan ang pamahalaang panrehiyon ng ARMM upang maisakatuparan ang layuning ito.
7. Dapat magtaguyod ang pamahalaan ng Pilipinas, partikular ang Tanggapan ng Tagapayo ng Pangulo ukol sa Prosesong Pangkapayapaan (*Office of the Presidential Adviser on the Peace Process*), ng isang mekanismong sumusubaybay, nagsisiyasat at nagpapadali sa proseso ng pagkamit ng katarungan para sa mga abuso sa karapatang pantao kung saan ang may sala ay mga *militia* na inarman ng mga pribadong indibidwal, mga nag-aaway na maimpluwensiyang mga pamilya at angkan, at iba pang mga armadong grupo na nasasangkot sa rido. Ang mekanismong ito ay kinakailangang maging sensitibo sa mga kaugalian at kultura ng mga taga-Gitnang Mindanao at ARMM. Kailangang itaguyod ang mekanismong ito upang makatulong sa pagpapalaganap sa rehiyong apektado ng armadong labanan ng paraan ng pamamahalang base sa mga alituntunin ng batas (*governance based on the rule of law*) at upang maiwasan ang mga lokal na pagtutunggali na maaaring mauwi sa mas matindi pang labanan.
8. Kinakailangang unahin ng senado ng Pilipinas ang pagpasa sa Anti-Torture Bill at Anti-Involuntary Disappearance Bill bago matapos ang susunod na sesyon. Mahalagang matiyak ng senado na ang mga batas na ito ay alinsunod sa pandaigdig na batas ng karapatang pantao, partikular ang ang Pandaigdig na Kasunduan para sa Pangangalaga ng lahat ng Katauhan laban sa Sapilitang Pagkawala at ang Kasunduan Laban sa Labis na Pagpapahirap.
9. Dapat unahin ng estado ng Pilipinas ang pagpapatibay sa Kasunduan para sa Pangangalaga ng lahat ng Katauhan mula sa Sapilitang Pagkawala at gumawa ito ng mga deklarasyong hinihingi ng Artikulo 31 at 32 ng Kasunduan. Sa pamamagitan nito, maipapakita ng Pilipinas ang pagkilala nito sa kagalingan ng Komite para sa Sapilitang Pagkawala na tumanggap ng komunikasyon mula sa mga indibidwal at mga estadong partido.
10. Nararapat na dagliang isakatuparan ng pamahalaan ng Pilipinas ang mga rekomendasyon ng Natatanging Tagapag-ulat ng Kapulunagn ng Nagkakaisang

Bansa ukol sa mga Ilegal, Agad at Di-makatwirang Pamamaslang (*UN Special Rapporteur on Extrajudicial, Summary or Arbitrary Executions*) na inilathala noong 2008 at nagkaroon ng susog na ulat sa Pilipinas noong 2009. Karamihan sa mga rekomendasyon sa ulat na ito ay hindi pa rin natutupad.

11. Dapat magbigay ng isang bukas na paanyaya ang pamahalaan ng Pilipinas sa mga Natatanging Pamamaraan ng Kapulungan ng mga Nagkakaisang Bansa upang bumisita sa Gitang Mindanao, lalong-lalo na ang Natatanging Tagapag-ulat para sa pagtaguyod ng pangangalaga sa mga karapatang pantao habang nilalabanan ang terorismo at ang Grupong Kumikilos laban sa Sapilitan o Di-boluntaryong Pagkawala, na parehong humingi ng pahintulot na bumisita sa Pilipinas ng makailang beses.

Para sa MILF

1. Dapat maglathala sa publiko ang MILF ng deklarasyong nangangakong gagalangin ng lahat ng mga kasapi sa grupo ang mga karapatang pantao ng lahat ng katauhan. Nararapat na maglabas ito ng kautusan sa kanyang mga kawal (*fighters*), kasapi at taga-suporta na itigil ang lahat ng mga gawain o pagkilos na maituturing na pang-aabuso sa mga karapatang pantao, partikular sa konteksto ng armadong labanan.
2. Dapat na tiyakin ng liderato ng MILF na lahat ng kanilang mga kawal, kasapi at taga-suporta ay mahigpit na sumunod at manindigan sa kanilang pananagutan sa ilalim ng pandaigdig na batas ng digmaan sa pamamagitan ng paglililaw sa mga ito na hindi pahihintulutan o kukunsintihin ng MILF ang mga paglabag sa mga pandaigdig na batas ng digmaan, partikular ang mga walang pinipiling pag-atake sa mga sibilyan o sa kanilang mga pag-aari. Kailangang alisin ng liderato ng MILF sa kani-kaniyang puwesto o katungkulan ang sinumang pinaghihinalaang lumabag dito.
3. Kinakailangang makipagtulungan ang MILF sa pamahalaan ng Pilipinas upang mapadali ang isang pinagsanib na pagsisiyasat ukol sa sa mga iniulat na mga malubhang paglabag sa mga karapatang napapaloob sa pandaigdig na batas ng karapatang pantao at pandaigdig na batas ng digmaan, at mapanagot ang mga nagkasala sa korteng sibilyan, sa ilalim ng mga pamamaraan na alinsunod sa pandaigdig na pamantayan ng pagkamakatarungan.
4. Dapat isiwalat ng MILF ang resulta ng mga pagsisiyasat na isinagawa nito ukol sa pag-atake sa mga sibilyan ng mga kawal ng MILF na pinangunahan ng tatlo nitong

kumander noong Agosto 2008. Marapat ding isapubliko ng MILF ang parusang iginawad nito sa mga napatunayang may sala.

Para sa Komunidad Pandaigdig

Tinatawagan ng Amnesty International ang mga nasyong bumubuo sa Komunidad Pandaigdig upang sumuporta sa pagtataguyod ng mga grupo ng walang kinikilingang taga-subaybay sa mga karapatang pantao, na siyang gagawa ng mga dokumentasyon ng mga kaso ng pang-aabuso na ginawa ng magkabilang panig sa armadong labanan. Marapat na maging layunin ng pagpupunyaging ito ang mapabuti ang pagsunod ng pamahalaan at ng MILF sa pandaigdig na batas ng karapatang pantao at pandaigdig na batas ng digmaan, partikular ang lahat ng may kinalaman sa pangangalaga at proteksyon ng mga sibilyan.

1. Tinatawagan ng Amnesty International ang mga organisasyong *multilateral* katulad ng Organisasyon ng Kapulungang Pang-Islam (Organization of Islamic Conference) at ang Unyong Europeo (*European Union*), na kapwa naghayag ng kanilang pagkagusto sa pagsuporta sa prosesong pangkapayapaan, at tumulong sa pagtaguyod ng grupo ng mga taga ibang bansa na magmamasid sa mga pang-aabuso sa karapatang pantao at mga paglabag sa pandaigdig na batas ng digmaan na nangyari sa konteksto ng armadong labanan ng 2008-2009.
2. Tinatawagan ng Amnesty International ang mga nasyong kabilang sa Komunidad Pandaigdig na namamahagi ng pampinansiyal na suporta na tumulong sa pagpapalawak ng mga independienteng lokal na grupong susubaybay sa sitwasyong ukol sa karapatang pantao sa mga lugar na apektado ng armadong labanan, upang magkaroon ng mas sistematiko at magkakatugmang dokumentasyon at pag-uulat sa mga paglabag sa pandaigdig na batas ng karapatang pantao at pandaigdig na batas ng digmaan.

- 1 Ayon sa Internal Displacement Monitoring Centre (IDMC), isang organisasyong nakatutok sa mga malawakang paglikas dala ng labanan
- 2 Norwegian Refugee Council, "Global Overview of Trends and Developments in 2008", Mayo 2009. <http://www.nrc.no/?did=9408780>, huling tinignan 2 July 2009.
- 3 Manny Mogato, "Philippines asks aid agencies to limit food rations", Thomson Reuters, 3 Hunyo 2009, <http://www.reuters.com/article/asiaCrisis/idUSMAN479139>, huling tinignan 5 Hunyo 2009.
- 4 National Disaster Coordinating Council, "NDCC Update Sitrep 86 re: IDPs in Mindanao", 14 Hulyo 2009.
- 5 Ang Central Mindanao o Region XII ay ang mga probinsiya ng South Cotabato, Cotabato, Sultan Kudarat, Sarangani and the lungsod ng Cotabato, General Santos, Kidapawan, Koronadal and Tacurong.
- 6 Ang ARMM ay ang mga probinsiya ng Maguindanao, Lanao del Sur, Basilan, Sulu, Tawi-tawi, at mga lungsod ng Marawi and Isabela.